



Bakit kailangan ng Medicare Australia ang mga detalye ng aking account sa bangko?

Irehistro ang mga detalye ng iyong account sa bangko ngayon at mag-claim sa pamamagitan ng Electronic Funds Transfer (EFT)



Tagalog

Marami na ngayong mga doktor ang nag-aalok ng 'on the spot' na pag-claim matapos na mabayaran mo ang iyong account. Ang 'on the spot' na pag-claim ay mabilis, madali, ligtas at maginhawa kaya irehistro ang mga detalye ng iyong account sa bangko sa amin ngayon.

Paano ko irehistro ang mga detalye ng aking account sa bangko?

Maaari mong irehistro ang mga detalye ng iyong account sa bangko:

- sa pamamagitan ng pagkumpleto ng bank account details collection form na maaaring makuha mula sa aming website o sa iyong lokal na tanggapan ng Medicare
- sa pamamagitan ng pagtawag sa **132 011***
- nang personal sa iyong lokal na tanggapan ng Medicare
- sa pamamagitan ng aming mga Serbisyo sa Internet. Kung hindi ka pa rehistrado sa mga Serbisyo sa Internet, magrehistro na ngayon sa: www.medicareaustralia.gov.au/online

Tandaan na ihanda ang iyong Medicare card at mga detalye ng account sa bangko (BSB, numero ng account at pangalan ng account) kapag ikaw ay magrehistro. Gayundin, ipaalam sa amin kung magbago ang iyong mga detalye sa hinaharap.

Ang sinumang nasa edad na lampas sa 14 na taong gulang na nagnanais na mag-claim ng kanilang rebate sa pamamagitan ng EFT, alinman sa 'on the spot' na pag-claim mula sa doktor o sa kanilang lokal na tanggapan ng Medicare, ay kailangang magrehistro sa amin ng mga detalye ng kanilang account sa bangko.

Gaano kabilis kong makukuha ang aking rebate?

Sa karamihang kaso ang iyong rebate ay ibabayad sa iyong hinirang na bank account sa loob ng dalawa hanggang tatlong araw na may trabaho.

Kung ang iyong doktor ay gumagamit ng Medicare Easyclaim—isang EFTPOS na nakabatay sa sistema ng pag-claim sa pamamagitan ng paggamit ng iyong EFTPOS card—ang iyong rebate ay ibabayad kaagad sa iyong bank account.

Magbabayad ba ako ng anumang karagdagang mga singil sa account kung ang aking rebate ay binayaran sa elektronikong paraan?

Hindi pangkaraniwan na magkaroon ng karagdagang mga bayad na sinisingil para sa mga deposito, ngunit kung hindi ka nakatitiyak, alamin sa iyong bangko.

Paano kung ako ay nagbabangko sa isang credit union, at hindi sa isang bangko?

Maaari kang gumamit ng kahit anong bangko, credit union o building society sa Australia sa kondisyon na mayroon kang cheque o savings account sa kanila.

Paano kung wala akong account sa bangko?

Maaari ka pa ring mag-claim sa iyong lokal na tanggapan ng Medicare at tumanggap ng iyong rebate na cash o gumamit ng alinman sa iba pang mga opsyon sa pag-claim para sa iyong rebate. Kung wala kang account sa bangko o piniling huwag ibigay sa amin ang mga detalye ng iyong account sa bangko at ginamit mo ang 'on-the-spot claiming', ang iyong rebate ay ipapadala sa iyo sa pamamagitan ng tseke.

Kailangan ko bang malaman ang mga detalye ng aking account sa bangko kung gagawa ako ng claim sa klinika ng doktor?

Kung maaaring gumawa ng 'on-the-spot claiming' sa klinika ng iyong doktor at nairehistro mo na sa amin ang mga detalye ng iyong account sa bangko, hindi na kailangang magbigay muli ng detalyeng ito kapag ikaw ay gagawa ng claim. Ipoproseso ng mga kawani ang iyong claim sa Medicare sa pamamagitan ng internet—isang ligtas na sistema ng pag-claim na nakabase sa internet—at babayaran namin ang iyong rebate sa iyong bank account na inirehistro mo sa Medicare Australia.

Kung ang iyong doktor ay gumagamit ng sistema ng pag-claim na nakabase sa EFTPOS ang dapat mo lang gawin ay dalhin ang iyong mga Medicare at EFTPOS card.

Nag-aalok ba ang aking doktor ng 'on-the-spot claiming'?

Parami na nang parami ang mga klinika na nag-aalok ng 'on-the-spot claiming'. Magtanong sa kawani ng iyong klinika kung sila ay nag-aalok ng 'on-the-spot claiming' sa susunod na pagbisita mo sa doktor.

Bakit nais ng Medicare Australia ang mga detalye ng aking account sa bangko?

Irehistro ang mga detalye ng iyong account sa bangko ngayon at mag-claim sa pamamagitan ng Electronic Funds Transfer (EFT)

Kung ang aking doktor ay nag-aalok ng 'on-the-spot claiming' maaari ba akong mag-claim ng iba pang mga rebate na maaaring mayroon ako?

Hindi—maaari ka lamang mag-claim ng rebate para sa account na kababayad mo pa lamang. Kung ikaw ay may lumang mga account na kailangan mong i-claim para makakuha ng rebate, kailangan mong bisitahin ang iyong lokal na tanggapan ng Medicare o gamitin ang alinman sa iba pang makukuhang mga opsyon.

Maaari ba akong mag-claim ng 'on-the-spot' para sa isang tao na wala sa aking Medicare card, gaya halimbawa, ang aking apo?

Oo—kung ikaw ang taong nagbayad ng account, maaari mong i-claim ang rebate para sa taong wala sa iyong Medicare card.

Ano ang aking gagawin kung ang aking rebate ay hindi ibinayad sa aking bank account?

Kung hindi mo natanggap ang iyong rebate sa loob ng tatlong araw na may trabaho, alamin muna sa iyong bangko at pagkatapos ay tawagan kami sa **132 011***. Tandaan na ihanda ang mga detalye ng iyong claim at ang iyong Medicare card.

Ano ang mangyayari kung ako ay siningil nang 'bulk bill'?

Walang mga pagbabago kung ikaw ay siningil nang 'bulk bill'.

Paano ko malalaman kung ang mga detalye ng aking bank account ay mapapanatiling ligtas?

Itatago nang may pinakamataas na antas ng seguridad ang mga detalye ng iyong bank account sa loob ng Medicare Australia, katulad ng mga ito sa Family Assistance Office at Australian Taxation Office.

Paano poprotektahan ang aking pagiging pribado?

Ang lahat ng impormasyon na ipinadala sa elektronikong paraan sa pagitan namin at ng klinika ng iyong doktor ay ligtas na naka-encrypt. Kung ang iyong doktor ay nag-aalok ng pag-claim kung saan ang iyong rebate ay ibabayad nang direkta sa pamamagitan ng EFT sa iyong bank account, ang iyong impormasyon ay protektado ng Public Key Infrastructure (PKI). Ang PKI ay nagbibigay ng pinakamataas na mga antas ng pagiging kompidensyal, pagiging pribado at makakakuha ng autentikasyon para sa pagpapadala ng mga datos ng claim.

Kung ang iyong doktor ay nag-aalok ng paraan ng pag-claim kung saan gagamitin mo ang iyong EFTPOS card para i-swipe sa terminal ng EFTPOS, lahat ng impormasyon ay naka-encrypt at ipinapadala ng EFTPOS sa pamamagitan ng isang ligtas na network.

Ang mga bangko ay hindi tumatanggap ng anumang pangklinikang impormasyon na may kaugnayan sa medikal na serbisyo. Ang partikular na mga detalye tungkol sa mismong medikal na serbisyo (halimbawa, ang item at numero ng tagapagbigay-serbisyo) ay hindi makikita sa iyong bank statement. Ang tanging impormasyon na makikita sa iyong bank statement ay ang salitang Medicare, reference number at halaga ng ibinayad na rebate sa iyong bank account.

Mayroon pa bang ibang paraan ng pag-claim ng rebate?

Maaari ka pa ring mag-claim ng rebate mula sa anumang tanggapan ng Medicare, sa pamamagitan ng pagkumpleto sa isang claim form at pagpapadala nito sa **Medicare Australia, GPO Box 9822**, sa iyong kabiserang syudad o paglalagay nito sa drop box sa iyong lokal na tanggapan ng Medicare, o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1300 360 460***. Gayunpaman, isa sa pinakamadali at pinakamaluwag na mga paraan ng pag-claim ay ang tinatawag na 'on-the-spot' sa klinika ng doktor matapos na bayaran mo ang iyong account.

Nangangahulugan ba ito na ang aking lokal na tanggapan ng Medicare ay magsasara?

Hindi—marami pang mga trabahong gagawin ang mga kawani ng tanggapan ng Medicare, kabilang ang pagpoproseso ng mga pagrerehistro ng organ donor, komplikadong mga claim at pagsagot sa pangkalahatang mga pagtatanong. Kami ay nagbibigay din ng malawak na hanay ng mga serbisyo at mga kabayaranang pampamahalaan katulad ng Family Assistance.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon makipag-usap sa isa sa aming mga opisyal ng serbisyo sa iyong lokal na tanggapan ng Medicare, bisitahin ang **www.medicareaustralia.gov.au** o tumawag sa **132 011***.

* May mga angkop sa singil sa tawag, 24 na oras na serbisyo.